

# Mga Obligasyon ng mga Dayuhang Kasambahay





Umiwas sa labis na pangungutang. HUWAG magbayad sa iyong ahensyang pang-empleyo sa pamamagitan ng pag-utang mula sa anumang pang-pinansyal na kumpanya na nagpapautang kahit na hilingin ito ng ahensya.

Umiwas sa "palipat-lipat ng trabaho". Ang mga aplikasyon sa pagpalit ng tagapag-empleyo habang umiiral ang kasalukuyang kontrata ay hindi aaprubahan maliban nalang kung mayroon mga pambihirang pangyayari. Ang pag-abuso sa pagpapaaga ng pagwakas ng kontrata ay posibleng magresulta ng hindi matagumpay na aplikasyon ng iyong bisa sa hinaharap.








HUWAG tumanggap ng iligal na trabaho o orasan na trabaho kahit na pinayagan o pinakiusapan ka ng iyong tagapag-empleyo o ahensya na gawin ito.

Gumanap lamang ng mga tungkuling pantahanan para sa sambahayan ng iyong tagapag-empleyo sa kinaroroonan na nakasaad sa kontrata. HUWAG manilbihan sa ibang tao bukod sa iyong tagapag-empleyo.



Ikaw ay binigyan ng libreng tutuluyan sa pamamahay ng iyong tagapag-empleyo sa kinaroroonan na nakasaad sa kontrata, at dito ka lang maaaring tumira. Ang aplikasyon ng iyong bisa sa hinaharap ay maaring tanggihan kung ikaw ay tumira sa ibang lugar kahit na pinayagan o binayaran ito ng iyong tagapag-empleyo.




Ang paglabag sa mga kundisyon ng iyong pananatili ay magdudulot sa iyo ng pananagutan sa pag-uusig at pagdeporta.



Labour Department

24-oras na Numero para sa **mga Katanungan at Reklamo: 2157 9537 (hinahawakan ng "1823")** Online porm na nasa FDH Portal: **www.fdh.labour.gov.hk** Email: **fdh-enquiry@labour.gov.hk**